SESSION 2

END TIMES SEMINAR

# THE JUDGMENT SEAT OF CHRIST

BISHOP REY DOMINGO

Bishop REY DOMINGO MINISTRIES

WEBSITE bishopreydomingoministries.org

FACEBOOK • YOUTUBE Bishop Rey Domingo Ministries

Ang ating pag-aaral ngayon ay ang ikalawa sa serye ng mga aralin na may kinalaman sa pagtatapos ng daigdig o End Times series - tungkol sa Judgment Seat of Christ o Ang Hukuman ni Cristo. Basahin natin ang 2 Corinto 5:10.

> Sapagkat lahat tayo'y haharap sa hukuman ni Cristo at tatanggap ng nararapat ayon sa ating mga gawang mabuti o masama nang tayo'y nabubuhay pa sa katawang ito.
>
> **2 CORINTO 5:10**

Ang Judgment Seat of Christ ay ang pangalawa sa hukumang haharapin ng mananampalataya upang tumanggap ng hatol. Ang unang hukumang naglapat ng kapasyahan sa isang Kristiyano ay ang hukumang naglilitis sa kaniyang kasalanan.

Ang venue ng hukuman ay doon sa bundok ng Kalbaryo. Sa dakong ito, ang hatol na kamatayan bilang bayad sa kasalanan ay binayaran ng Panginoong Jesus - ang kaisa-isang tao na walang kasalanan noong Kaniyang kusang loob na tanggapin ang kamatayan sa krus.

Dahil dito ang Diyos Ama na siyang Hukom sa hukumang ito ay kaagad ipinahayag na tayong nanampalataya sa Panginoong Jesus ay absuwelto sa hatol na kamatayan dahil sa ating mga kasalanan. Ito ang sinabi sa Roma 5:1:

> Sapagkat napawalang sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo.
>
> **ROMA 5:1**

Pagkatapos na tayo ay ma-absuwelto sa hukumang ito sa sakdal na kasalanan, tayo naman ay haharap sa ikalawang hukuman – ang tinawag na "Hukuman ni Cristo" o "Judgment Seat of Christ."

## ANO ANG JUDGMENT SEAT OF CHRIST?

Ang Judgment Seat of Christ ay ang paghatol na gagawin ng Panginoong Jesus sa mga mananampalataya ayon sa kanilang mga ginawa matapos manampalataya.

Ang passes sa pagtira sa langit ay regalo ng Diyos, kagandahang loob o biyaya ng Diyos. Ito ang sinabi sa Efeso 2:8.

> Sapagkat dahil sa kagandahang loob ng Diyos, kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya at ito'y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili...
>
> **EFESO 2:8**

Ngunit kaagad-agad matapos tayong manampalataya ay hinihintay na ng Diyos na gawin natin ang mabubuting gawa na noong una pa ay inilaan na niya upang gawin natin. Ang talatang 10 ng Efeso 2 ang nagsasabi tungkol dito.

> "...sa pakikipagisa natin kay Cristo Jesus ay nilikha niya tayo para sa mabubuting gawa na inihanda niya noong una pa man upang gawin natin."
>
> **EFESO 2:10**

Noong tayo ay mananamplataya sa Panginoong Jesus ay tinamo natin ang kaligtasan mula sa parusang impierno. Ang palatandaan natin sa ating sarili at palatandaan din ng mga taong nakakaalam na tayo'y mananampalataya ay ang ating paggawa ng mabuti na mula pa noong una ay inihanda na ng Diyos na ating gampanan.

Ang mga mabuting gawaing ito ay hindi ayon sa ating sariling konsepto ng mabuti, kundi ayon sa konsepto ng Diyos na mababasa sa Banal na Kasulatan

## KAILAN ISASAGAWA ANG JUDGMENT SEAT OF CHRIST?

Ito ay isasagawa pagkatapos ng rapture. Ang venue ay sa langit at kasabay namang nagaganap sa lupa ang The Great Tribulation o Matinding Kapighatian.

## ANO ANG LAYUNIN SA PAGSASAGAWA NG JUDGMENT SEAT OF CHRIST?

Ang layunin ng hukumang ito ay upang iparaan sa timbangan ng Diyos ang bawat ginawang mabuti ng isang Kristiano upang tumanggap ng gantimpala katumbas ng kaniyang ginawa o kaya ay hindi magkaroon ng gantimpala.

Ulitin nating basahin ang 2 Corinto 5:10:

**2 CORINTO 5:10**

> Sapagkat lahat tayo'y haharap sa hukuman ni Cristo at tatanggap ng nararapat ayon sa ating mga gawang mabuti o masama nang tayo'y nabubuhay pa sa katawang ito..

Sabi ng talata "ayon sa ating mga gawang mabuti o masama…" ang pang-uri na "mabuti" o "masama" sa salin sa maraming English translation ng Biblia ay "good" o "bad." Ang ibig sabihin, mayroon tayong mga ginawang mabuti sa tingin natin pero sa tingin ng Diyos ay hindi ayos. Mayroon tayong nagawa na wala namang bahid ng kasalanan pero palpak ang pagkakagawa, at ito ang tinutukoy na "masama" sa talata.

Uulitin natin na ang layunin sa Judgment Seat of Christ ay upang gantimpalaan ang mananampalataya ayon sa kaniyang mga ginawa o kaya ay hindi magkaroon ng gantimpala.

# KATEGORYA NG MGA GINAWA NG KRISTIYANO

Ang mga mananampalataya naman sa Panginoong Jesus na noon ay buhay ay babaguhin at magkakaroon ng isang bagong katawan na wala nang kasiraan.

> "May nagtatayo na gumagamit ng ginto, pilak o mahalagang bato, mayroon namang gumagamit ng kahoy, damo o dayami. Makikilala ang uri ng gawa ng bawa't isa sa Araw ng Paghuhukom sapagkat mahahayag sa pamamagitan ng apoy kung anong uri ang ginawa ng bawat isa. Kung ang itinayo sa ibabaw ng pundasyon ay hindi masunog, tatanggap ng gantimpala ang nagtayo noon. Ngunit kung masunog naman, mawawalan siya ng gantimpala. Gayunman maliligtas siya kaya lang ay para siyang nagdaan sa apoy."
>
> **1 CORINTO 3:12-15**

Sa mga talatang ito na ating binasa ay sinasabing ang tatanggap ng gantimpala ay ang mga Kristiyano na ang uri ng kanilang ginawa ay kauri ng:

- GINTO
- PILAK
- MAHALAGANG BATO

Ang mga hindi tatanggap ng gantimpala ay ang mga Kristiyano na ang uri ng kanilang ginawa ay kauri ng:

- KAHOY
- DAMO
- DAYAMI

Ang kinakatawan ng ginto, pilak, mahalagang bato, kahoy, damo at dayami ay ang:

- URI NG GINAWA – QUALITY
- DAMI NG GINAWA – QUANTITY
- PANAHONG INILAAN SA PAGGAWA SA PAGLILINGKOD SA PANGINOON – TIME

## Ang Uri ng Paglilingkod (QUALITY)

Sa Mateo 25:14-30 ay ipinakikita ang uri o quality ng ginawang paglilingkod. Sa mga talatang ito ay inihalintulad ang Diyos sa isang taong manlalakbay. Tinawag niya ang kaniyang mga alipin at ipinagtiwala sa kanila ang salaping ginto ayon sa kanilang kakayahan.

- Ang isa ay binigyan ng 5,000 salaping ginto
- Ang isa ay binigyan ng 2,000 salaping ginto
- Ang isa ay binigyan ng 1,000 salaping ginto

Matapos maibigay ang mga salaping ginto sa tatlo niyang mga alipin, ang manlalakbay ay umalis. Ang mga alipin naman ay nag-kani-kaniyang kilos. -
Ang dalawa ay ginugol ang salaping ginto sa pangangalakal.

- Ang tumanggap ng 5,000 salaping ginto ay kumita ng 5,000 salaping ginto rin
- Ang tumanggap ng 2,000 salaping ginto ay nagtubo rin ng 2,000 salaping ginto
- Samantalang iyong alipin na binigyan ng 1,000 ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ibinigay ng kaniyang panginoon

Pagkatapos ng mahabang panahon, ang panginoon ng tatlong alipin ay nagbalik at inalam sa tatlong alipin kung ano ang ginawa nila sa salaping kaniyang ipinagtiwala. Parehong nagtubo ng isang daang porsiento ang unang dalawang alipin at pareho ang pagpapahalagang natanggap nila sa Panginoon:

**MATEO 25:21**

'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga.'

Sa kabilang dako, iyong ikatlong alipin ay lumapit sa Panginoon at isinauli ang isang libong salaping ginto. Sa aliping ito na hindi ginamit ang ipinagtiwala sa kaniyang salapi, ganito ang sinabi ng Panginoon sa aliping ito:

> ‘Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko itinanim at inaani ko ang hindi ko inihasik, bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito!... Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.’
>
> **MATEO 25:26-27,30**

Ang talinghagang ito sa tatlong alipin ay kumakatawan sa Panginoong Jesus at sa mga mananampalataya sa kaniya. Inaasahan ng Diyos na maglingkod tayo sa Kaniya ayon sa kaloob na ibinigay niya sa atin. Ang ating pinag-aralang talinghaga ay nagtuturo ng uri (quality) ng ating paglilingkod sa Diyos. Ang ginawa ng dalawing alipin ay may uring ginto, pilak o mamahaling bato.

## Ang Dami ng Paglilingkod (QUANTITY)

Ang dami (quantity) naman ng ginawang mabuti ng Kristiyano ang ipinapaunawa ng Biblia sa Lucas 19:11-27. Ang gustong ipakita ng talinghaga ay ang dami ng mga paglilingkod na ginawa ng bawat Kristiyano.

Sinabi ng Panginoong Jesus na may isang maharlika na nagtungo sa isang malayong lupain upang siya’y gawing hari at pagkatapos na pagkatapos siya ay babalik subalit bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa kaniyang mga alipin at sila’y binigyan ng tig-isang gintong salapi at ibinilin sa mga alipin na ipangalakal ang salapi hanggang sa ang panginoon ay magbalik. Noong ang maharlikang tao ay makabalik at magsimulang maghari, kaniyang ipinatawag ang mga alipin upang magbigay ng ulat tungkol sa salapi na kaniyang ibinigay sa kanila.

- Ang una ay nagsabing ang 1 salaping ginto ay nagtubo ng 10 at bilang pabuya sa kaniya ay sinabi na siya ay mamahala sa 10 lungsod
- Ang ikalawa naman ay nagsabing ang kaniyang 1 salaping ginto ay nagtubo ng 5 salaping ginto at ang gantimpala ay ang pamamahala ng 5 lungsod

Pagkatapos pintasan ng pangatlong alipin ang kaniyang panginoon ay nagsabi na siya ay natatakot kaya't kaniyang itinago ang salaping ipinagkatiwala sa kaniya. Ang naging hatol sa aliping ito ay mababasa sa talatang 27.

> "Tungkol naman sa mga kaaway kong ayaw na ako'y maghari sa kanila, dalhin ninyo sila rito at patayin sa harap ko."
>
> **LUCAS 19:27**

Ang ipinakikita sa atin ng talinhagang ito ay ang dami (quantity) ng paglilingkod na ginawa para sa Diyos.

## Ang Panahon sa Paglilingkod (TIME)

Sa Mateo 20:1-16 ay itinuturo naman sa mga Kristiyano ang haba o ikli ng panahon ng gagawing paglilingkod sa Diyos. Itinulad ang kaharian ng langit sa isang taong maagang maaga na lumabas upang kumuha ng manggagawa sa kaniyang ubasan. Sila ay nagkasundo na isang salaping pilak ang kabayaran sa maghapong paggawa.

Noong ika-9 ng umaga ay muling kumuha ng manggagawa sa ubasan ang may-ari. Gayon din ng ika-12 ng tanghali, ikatatlo ng hapon at maging ika-5 na ng hapon ay mayroon pa rin siyang kinuhang manggagawa para gumawa sa kaniyang ubasan. Noong pagabi na, ipinatawag ng may-ari ng ubasan sa kaniyang katiwala ang lahat ng mga manggagawang nagtrabaho sa kaniyang ubasan upang ibigay ang kaukulang bayad sa bawat isa.

Nang binayaran ang huling gumawa sa ubasan at ang unang gumawa, pare-pareho ang kabayarang tinanggap ng bawat isa. Nagreklamo ang unang nagtrabaho dahil maghapon siyang nagtrabaho, at ang tinanggap niya ay kapareho rin ng nagtrabaho ng isang oras lang. Ipinaala-ala ng maya-ri sa kaniya ang kanilang kasunduan. Ang may-ari ng ubasan ay hindi sumira sa kanilang kasunduan bukod pa sa katotohanang ang may-ari ng ubasan ay may karapatang gawin ang kaniyang ginawa sapagkat kaniya iyon. Ating basahin ang bahagi ng talinghaga na may kinalaman dito.

"Nang gumagabi na, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang katiwala, 'Tawagin mo na ang mga manggagawa at bayaran mo sila magmula sa huli hanggang sa unang nagtrabaho.' Ang mga nagsimula nang mag-aalas singko ng hapon ay tumanggap ng tig-iisang salaping pilak. Nang lumapit ang mga nauna, inakala nilang tatanggap sila nang higit doon; ngunit ang bawat isa'y binayaran din ng tig-iisang salaping pilak. Nang magkagayo'y nagreklamo sila sa may-ari ng ubasan. Sinabi nila, 'Isang oras lamang nagtrabaho ang mga ito na huling dumating, samantalang maghapon kaming nagtrabaho at nagtiis sa nakakapasong init ng araw. Bakit naman pinagpare-pareho ninyo ang aming upa?' Sumagot ang may-ari ng ubasan sa isa sa kanila, 'Kaibigan, hindi kita dinadaya. Hindi ba't pumayag ka sa isang salaping pilak? Kunin mo ang para sa iyo at umalis ka na. Ano sa iyo kung ibig kong bayaran ang nahuli nang tulad ng ibinayad ko sa iyo? Wala ba akong karapatang gawin sa ari-arian ko ang aking maibigan? Kayo ba'y naiinggit dahil ako'y nagmagandang-loob sa iba?'"At sinabi ni Jesus, "**Ang nahuhuli ay mauuna, at ang nauuna ay mahuhuli.**"

**MATEO 20:8-16**

Ang marami na makababasa ng talinghagang ito ay magsasabi na unfair ang may-ari ng ubasan, hindi siya patas makitungo sa kapwa tao. Ito ay masasabi ng mga tao na ang nakikita lamang ay ang "time" - ang panahon o oras, ang haba at ang ikli nito. Madalas na hindi natin nakikita ang lahat ng sulok at uri ng paggawa ng sa isang pagawain. Hindi rin natin alam ang laman ng isipan at damdamin ng mga manggagawa sa panahon ng kanilang pagsasakatuparan ng gawain.

Ipaghalimbawa natin ang paggawa ng isang building - mayroong nasasayang na materyales dahil sa maling pagputol ng bakal o kahoy, mayroong nasasayang na oras at materyales dahilan sa ang isang natapos na bahagi ng pagawain ay kailangang ibahin dahilan sa maling pagkakagawa nito. Tayong mga tao ay nakikita natin ang mga ito ngunit lubhang marami naman ang hindi natin nakikita at nalalaman.

Walang iba liban sa Diyos na may kakayahang makita ang lahat ng bagay, lahat ng anggulo, lahat ng naging isipan at laman ng ating kalooban sa panahon ng ating paggawa para sa Kaniya na mayroong pinakatamang pagkakita at pagpapasiya tungkol sa ating ginawa.

Pagkatapos na tayo ay pagpasiyahan ng Diyos na tumira sa langit na kapiling niya - na ito ay nangyari hindi sa anumang ginawa nating mabuti kundi dahil sa kagandahang loob ng Diyos noong tayo ay manampalataya sa Panginoong Jesus - ay haharap tayo sa judgement seat of Christ. Tayo ay hahatulan sa ating mabubuting ginawa upang gantimpalaan, o hindi gantimpalaan dahilan sa mga hindi mabuti nating ginawa.

·Muli nating alalahanin ang talatang ating pinagaaralan.

## 2 CORINTO 5:10

**Sapagkat lahat tayo'y haharap sa hukuman ni Cristo at tatanggap ng nararapat ayon sa ating mga gawaing mabuti o masama nang tayo'y nabubuhay pa sa katawang ito.**

·At sa pagharap naman natin sa hukuman ng Panginoong Jesu-Cristo o sa Judgment Seat of Christ, ang lahat ng ating mga ginawa ay hinati sa dalawang pagkakahati (o categorized into two categories):

UNANG HATI: GINTO, PILAK, MAHALAGANG BATO
IKALAWANG HATI: KAHOY, DAMO, DAYAMI

Sa dalawang kategoryang ito na binubuo ng anim na bagay – ginto, pilak, mahalagang bato, kahoy, damo at dayami ay kailangang iparaan sa pagsubok upang makita kung alin sa kanila ang mananatili. Ang gamit sa pagsubok ay apoy.

Kapag inilagay sa apoy ang anim na ito, tatlo lamang ang hindi matutupok – ang ginto, pilak at mahalagang bato; samantalang iyong tatlo – kahoy, damo at dayami – ay matutupok.

Ang lahat ng ating ginawang mabuti at mga paglilingkod sa Diyos at sa kapwa tao ay kauri ng ginto, pilak, mahalagang bato, kahoy, damo at dayami. Ang lahat ng iyo ay ipaparaan sa apoy ng Diyos sa araw ng Judgment Seat of Christ.

Alin kaya sa dalawang kategorya mabibilang ang ating ginawa? Masusunog kaya o hindi masusunog?

Ang mga mabubuting gawa at paglilingkod natin sa Diyos at sa kapwa ay mapapabilang sa masusunog:

1. KUNG MAYROON TAYONG HANGARING MABIGYAN NG KAPURIHAN ANG SARILI.

**MATEO 6:2**

"Kaya nga, kapag nagbibigay ka ng limos, huwag mo nang ipag-ingay pa gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa mga sinagoga at sa mga lansangan upang sila'y purihin ng mga tao. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala."

## 2 KUNG MAYROON TAYONG MALING MOTIBO

**1 CORINTO 4:5**

"Kaya't huwag kayong humatol nang wala pa sa panahon; maghintay kayo sa pagdating ng Panginoon. Siya ang maglalantad ng mga bagay na ngayo'y natatago sa kadiliman at maghahayag ng mga lihim na hangarin ng bawat isa. Sa panahong iyon, bawat isa'y bibigyan ng Diyos ng angkop na parangal."

## 3 KUNG MAYROON TAYONG KASALANAN NA HINDI ISINUSUKO SA DIYOS

**JEREMIAS 5:25**

"At sa halip, nagiging hadlang ang inyong mga kasalanan upang makamit ang mabubuting bagay na ito."

Ang kasalanan ay maling motibo sa paggawa at ang layuning mapapurihan ay tatlo sa mga dahilan upang ang ating mabubuting gawa at paglilingkod ay magkauri ng kahoy, damo at dayami, pawang masusunog kapag inilagay sa apoy ng Diyos

Tayo ay haharap sa Judgment Seat of Christ sa sandaling tayo ay dalhin na sa langit (raptured) upang ang ating mabubuting gawa at paglilingkod ay maging kauri ng ginto, pilak at mahalagang bato. Dahil dito, buong taimtim tayong pasaliksik sa Banal na Espiritu upang ipakita sa atin kung sino tayo sa paningin ng Diyos, upang ang mali, kasalanan at karumihan sa ating buhay ay ating makita at sa tulong ng Banal na Espiritu ay maisaayos.

WATCH HERE (WITH Q&A)

FACEBOOK

YOUTUBE

WEBSITE